## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

BUMOTO NG OO sa Proposisyon 3—*Protektahan ang Iyong Kalayaan na Magpakasal!*

Pinoprotektahan ng Proposisyon 3 ang karapatan ng bawat taga-Californiana magpakasal—anuman ang kasarian o lahi.

Ang Proposisyon 3 ay magsasapanahon sa ating konstitusyon ng estado upang umayon sa umiiral na batas na nagpapahintulot ng kasal para sa mga magkatulad ang kasarian, na sumasalamin sa mga kasalukuyang desisyon ng korte at sa ating mga pagpapahalaga bilang mga taga-California.

Ang Proposisyon 3 ay sinusuportahan ng isang malawak at dalawang partidong koalisyon ng mga lider sa sibiko at pananampalataya pati na rin ng mga lider sa karapatang sibil.

*Bakit kailangan natin ang Proposisyon 3:*

Bagama't ang pagkakapantay-pantay ng kasal para sa magkatulad ang kasarian ay batas ng bansa sa Estados Unidos sa loob ng maraming taon, sinasabi pa rin ng Konstitusyon ng California na ang mga may magkatulad na kasarian ay hindi pinapayagang magpakasal. Nilinaw ng mga banta kamakailan laban sa mga pangunahing karapatan na dapat maging proaktibo ang California sa pagprotekta sa kalayaang magpakasal anuman ang kasarian o lahi.

Ang Proposisyon 3 ay nag-aalis ng nagdidiskriminang pananalita mula sa Konstitusyon ng California na nagsasaad na ang kasal ay sa pagitan lamang ng isang lalaki at isang babae at pinapalitan ito ng isang probisyon na nagtatatag ng karapatang magpakasal bilang isang pangunahing karapatan, na nagtataglay ng mga proteksyon para sa magkaparehong kasarian at magkaibang lahi.

Ang California ay laging nangunguna sa pagprotekta sa mga karapatang sibil at indibidwal na kalayaan. Ipinagpapatuloy ng Proposisyon 3 ang pamanang iyon.

Iginagalang ng proposisyon ang kalayaan ng relihiyon sa California. Hindi nito babaguhin ang umiiral na mga karapatan ng mga klero at mga relihiyosong denominasyon na tumanggi na magsagawa ng kasal.

*Hinihimok ka ng mga tagasuporta ng Proposisyon 3 na bumoto ng OO:*

"Pinoprotektahan ng Proposisyon 3 ang karapatan ng bawat taga-California, anuman ang kasarian o lahi, na magpakasal sa taong mahal nila."—Equality California

"Bilang isang lider ng pananampalataya, sinusuportahan ko ang Proposisyon 3 dahil pinoprotektahan nito ang karapatang magpakasal habang iginagalang ang mga karapatan ng mga komunidad ng pananampalataya sa ilalim ng Unang Amyenda."—Ang Rev. Jeff R. Johnson, obispo ng Evangelical Lutheran Church sa Sierra Pacific Synod ng Amerika

"Ang panukalang balota na ito ay dumating sa isang mahalagang sandali kung kailan malinaw na ipinakita ng Korte Suprema ng U.S. ang kahandaang pawalang-bisa ang mga karapatang pinaghirapan, na naglalagay sa panganib sa mga kalayaan ng milyun-milyong taga-California."—American Civil Liberties Union ng Hilagang California

"Bagaman ang pagkakapantay-pantay ng kasal para sa magkatulad ang kasarian ay naging batas ng bansa sa Estados Unidos sa loob ng maraming taon, sinasabi pa rin ng Konstitusyon ng California na ang mga magkatulad ang kasarian ay hindi pinapayagang magpakasal. Ayusin natin ito sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Proposisyon 3. Ang paggalang sa mga pangunahing karapatan ng lahat ng tao at paglaban sa diskriminasyon saan man ito umiiral ay isang pagpapahalaga ng California. Ang Proposisyon 3 ay tumutulong na palawakin ang pangako ng California sa pagprotekta sa mga karapatang sibil para sa lahat ng residente nito."—Dolores Huerta, Pangulo, Dolores Huerta Foundation

Ang OO sa Proposisyon 3 ay nangangahulugang KALAYAAN at PANTAY NA KARAPATAN para sa lahat.

Matuto pa sa: *yesonprop3CA.com*

**Miyembro ng Asembleya Evan Low**

**Tony Hoang**, Ehekutibong Direktor
Equality California

**Jodi Hicks**, CEO
Planned Parenthood Affiliates of California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 3 ★

Sinasabi ng mga may-akda ng Proposisyon 3 na ito ay tungkol sa "kalayaan na magpakasal," ngunit hindiiyon totoo. Ang matinding amyenda na ito ay SOBRANG MALAYO at naglalagay sa mahihinang tao sa panganib. Itoay hindi lamang tungkol sa pagsasapanahon sa mga batas ng ating estado. Inaalis ng panukalang ito ang mahahalagang pananggalang na nagpoprotekta sa kasal at mga anak.

Sinasabi ng mga tagasuporta na kailangan natin ang Prop. 3 dahil sa "diskriminasyon." Ngunit ang kasal ng may magkatulad na kasarian ay naging legal mula noong 2015, at walang sinuman ang nagsisikap na baguhin iyon: hindi ang Korte Suprema o sinuman. WALANG DAHILAN para maipasa ang mapanganib na panukalang ito.

Tinatanggal ng Proposisyon 3 ang LAHAT ng proteksyon sa kasal, kabilang ang mga limitasyon sa mga anak, malapit na kamag-anak, at tatlo o higit pang mga taong nagpapakasal sa isa't isa. Lahat ng sibilisadong lipunan ay nagbabawal sa mga bagay na ito dahil NAKAKASAKIT ITO SA MGA TAO. Iyan ang dahilan kung bakit ang hindi malinaw na pagkakasulat ng Proposisyon 3 ay magdudulot ng malalaking problema.

Ang mga tagasuporta ay nagsasabi na nagmamalasakit sila sa mga karapatang sibil at pagiging patas. Gayunpaman, inuuna ng Proposisyon 3 ang gusto ng mga nasa hustong gulang kaysa pangangailangan ng mga bata. Sa pagsasabing ang mga ina at ama ay hindi kailangan, BINABALEWALA nito ang mga taon ng pag-aaral at pangunahing sentido kumon na nagpapatunay na ang mga bata ay nakakagawa ng pinakamahusay kapag pinalaki ng parehong magulang sa isang matatag na tahanan.

Maaaring suportahan ng California ang mga pantay na karapatan nang wala itong mapanganib at hindi kinakailangang panukala. Ang Proposisyon 3 ay NAGBABANTA sa ating mga pagpapahalaga na malulusog na pamilya, malulusog na bata, at isang malusog na lipunan. Itoay hindi tungkol sa pagkakapantay-pantay; ito ay tungkol sa radikal na pagbabago ng kasal at pamilya.

Protektahan natin ang ating mga anak, pamilya, at komunidad. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 3!

Matuto pa sa *www.Proposition3.net* o *www.CaliforniaFamily.org*.

**Jonathan Keller**, Pangulo
Konseho ng Pamilya ng California

**Rev. Tanner DiBella**, Tagapagtatag

Ang Konseho ng Mga Ebanghelista sa Amerika

 Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katampukan ng alinmang opisyal na ahensiya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

Ang mga taga-California ay dapat bumoto ng HINDI sa Proposisyon 3, ang tinatawag na "Kalayaang Magpakasal" na inisyatiba. Sinasabi ng mga tagasuporta na isinasapanahon nito ang ating konstitusyon upang tumugma sa mga kasalukuyang batas, ngunit talagang binabago nito ang kahulugan ng kasal sa MAPANGANIB at hindi inaasahang mga paraan.

Ang malaking problema sa Proposisyon 3 ay pinawawalang-saysay nito ang lahat ng batas tungkol sa kasal. Ang "pundamental na karapatan" na magpakasal ay nangangahulugang aalisin nito ang mga proteksyon laban sa pag-aasawa ng isang bata, insesto, at poligamya. Ito ba ang gusto natin para sa California? Ang hindi malinaw na pagkakasulat ng Proposisyon 3 ay magdudulot ng MGA SERYOSONG PROBLEMA na makakasama sa ating lipunan.

Maaari mong marinig na kailangan natin ang panukalang ito upang magprotekta laban sa mga posibleng desisyon ng Korte Suprema. Ngunit ang kasal ng may magkatulad na kasarian ay legal sa buong bansa mula noong 2015. Ang Proposisyon 3 ay nag-aayos ng isang problema na hindi umiiral at sa halip ay nagdudulot ng PINSALA.

Ang ilang mga tagasuporta ay nagsasabi na ang "mga ekstremistang pulitiko" ay maaaring magbanta sa mga karapatan sa pagpapakasal. Ngunit ang mga tagasuporta ng Proposisyon 3 ang EKSTREMISTA sa pagnanais na tanggalin ang lahat ng mga alituntunin sa kasal. Nakalulungkot, na lahat ng sinasabi tungkol sa "pagkakapantay-pantay" ay nagtatago ng mga RADIKAL na pagbabago na nasa likod ng panukalang ito.

Ang mga kasalukuyang batas at desisyon ng korte ay nagpoprotekta na sa karapatang magpakasal, anuman ang kasarian, oryentasyong sekswal, lahi, o etnisidad. Pinoprotektahan din ng mga batas na ito ang mga bata, pinipigilan ang pagsasamantala, at pinapanatili ang kasal bilang isang unyon sa pagitan ng dalawang pumapayag na nasa hustong gulang. Ngunit ang Proposisyon 3 ay MAGTATANGGAL ng mga depensang ito.

Sa halip na protektahan ang mga karapatang sibil sa California, inilalalagay ng panukalang ito sa panganib ang mga karapatang sibil ng mga bata. Binubuksan pa nga nito ang pinto sa poligamya—pag-aasawa ng higit sa dalawang tao. Sasamantalahin lamang nito ang mga mahihinang babae at bata. Ito ba ang uri ng "PAGKAKAPANTAY-PANTAY" na gusto natin sa ating estado?

Sa pamamagitan ng pagbabago sa kahulugan ng kasal, ang panukalang ito ay nagmumungkahi din na ang mga bata ay hindi nangangailangan ng pareho ng ina at ama. Ito ay laban sa mga taon ng pananaliksik na nagpapakita na ang mga bata ay pinakamahusay na lumalaki kapag pinalalaki ng kanilang ina at ama sa isang matatag at kasal na tahanan.

Ang mga bata na walang ina o ama ay mas malamang na magkaroon ng mga emosyonal na isyu, makilahok sa mga mapanganib na gawain, nahihirapan sa paaralan, at humaharap sa mga problemang pinansyal.

Ang Proposisyon 3 ay NAGDARAGDAG NG MGA PANGANIB sa emosyon, kalusugang pisikal, at edukasyon ng mga bata.

Ang California ay isang lider sa pagkakaiba-iba at pagtanggap Ngunit ang TUNAY NA PAG-UNLAD ay hindi nangangahulugan ng pagtanggal sa lahat ng mga patakaran at proteksyon. Dapat nating isapanahon ang ating mga batas habang pinapanatili ang mga kinakailangang pananggalang.

Sa halip na magmadali upang muling bigyang-kahulugan ang pag-aasawa sa mga paraan na HINDI KASAMA ang ina o ama ng isang bata, dapat nating igiit na lahat ng nasa hustong gulang ay umayon sa mga pangangailangan ng mga bata. Ang Proposisyon 3 ay lubhang NABIGO sa pagsubok na ito.

Huwagmagpalinlang sa mga salitang "pagmamahal" at "pagtanggap." Ang Proposisyon 3 ay isang WALANG INGAT at hindi kinakailangang hakbang na makakasakit sa ating estado. Tinatanggal nito ang mahahalagang proteksyon para sa kasal habang nagpapanggap na nagpapalawak ng mga karapatan.

Ang mga taga-California ay karapat-dapat sa mas mabuti kaysa hindi maganda ang pagkakasulat at NAKAKAPINSALANG proposisyon na ito. Maaari nating protektahan ang kasal at mga karapatang sibil nang hindi pinapayagan ang mga batang ikinakasal, insesto, at poligamya. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 3 upang mapanatili ang sentido kumon na mga tuntunin sa kasal at protektahan ang ating mga anak, pamilya, at lipunan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang *www.Proposition3.net* o *www.CaliforniaFamily.org*.

**Jonathan Keller**, Pangulo
Konseho ng Pamilya ng California

**Tanner DiBella**, Pangulo
Ang Konseho ng Mga Ebanghelista sa America

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 3 ★

Mali ang mga kalaban ng Proposisyon 3. Narito ang mga katotohanan:

PINOPROTEKTAHAN ng Proposisyon 3 ang karapatan ng mga taga-California na magpakasal, anuman ang kasarian o lahi.

HINDI binabago ng Proposisyon 3 ang mga batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa edad para sa kasal o ang bilang ng mga tao sa isang kasal.

Si Aaron Tang, isang eksperto sa batas sa konstitusyon sa Unibersidad ng California, Davis, ay nagsabi, "Ang Proposisyon 3 ay nag-aalis ng lipas na sa panahon na pananalita sa Konstitusyon ng California na nagbabawal sa kasal sa pagitan ng magkatulad ang kasarian."

Sa loob ng mga dekada, hinangad ng mga kalaban ng Proposisyon 3 na ipagkait ang mga karapatan sa kasal sa mga magkatulad ang kasarian. Nais nilang panatilihin ang nagdidiskriminang pananalita sa konstitusyon ng estado. Iyon ang dahilan kung bakit tutol sila sa Proposisyon 3.

ANG MGA LIDER NG PANANAMPALATAYA AT MGA GRUPO SA MGA KARAPATAN SIBIL AY SUMUSUPORTA SA OO SA 3

Ang karamihan sa mga taga-California ay naniniwala na ang bawat taga-California, anuman ang kasarian o lahi, ay dapat magkaroon ng karapatang pakasalan ang taong mahal nila. Iyon ang dahilan kung bakit ang Proposisyon 3 ay sinusuportahan ng isang malawak at dalawang partidong koalisyon ng mga lider ng pananampalataya, mga tagapagtaguyod ng karapatang sibil, at mga organisasyong nakasentro sa pamilya.

Ang California ay laging nangunguna sa pagprotekta sa mga karapatang sibil at indibidwal na kalayaan. Ipinagpapatuloy ng Proposisyon 3 ang pamanang iyon.

Matuto pa sa: *yesonprop3CA.com*

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 3—PROTEKTAHAN ANG IYONG KALAYAAN NA MAGPAKASAL

**Senador Scott Wiener**

**Mia Kirby**, Nakatataas na Panrehiyong Namumuno sa Pag-organisa
Human Rights Campaign

**Maria Roman**, Pangalawang Pangulo
TransLatin@ Coalition

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.